Sinuman ang Manumpa sa isang pangakong hindi niya ginawa,[upang] kunin dito ang kayamanan ng isang taong Muslim,Siya sa [gawaing ito] ay isang makasalanan,Haharapin niya si Allah, na sa kanya ay magmamana ng Poot

Ayon kay `Abdullāh bin Mas`ūd, malugod si Allah sa kanya-Hadith na Marfu-((Sinuman ang Manumpa sa isang pangakong hindi niya ginawa,[upang] kunin dito ang kayamanan ng isang taong Muslim,Siya sa [gawaing ito] ay isang makasalanan,Haharapin niya si Allah, na sa kanya ay magmamana ng Poot))At ibinaba ang [talatang ito]:{Katotohanan ang mga bumibili ng mga maliit na pakinabang bilang halaga kapalit ng kasunduan kay Allah sa kanilang mga pangako} Hanggang sa huling talata"

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ang Hadith ay [naglalaman ng] isang malaking kaparusahan sa sinumang kumuha sa kayamanan ng isang Muslim na labag sa batas, at Kaya niya ito nakuha ay dahil sa pakikipag-away niya na [itinuturing ito na] isang malaking kasalanan, at sa Panunumpa nitong kasinungalingan at makasalanan,Ang [taong] ito ay haharapin niya si Allah na sa kanya ay may matinding poot,at sinuman ang mag-ani ng poot ni Allah,Siya ay [itinuturing na] isang sawi.Pagkatapos ay binasa ng Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang Marangal na talatang ito,bilang pagpapatunay sa siguradong matinding kaparusahan na ito ,sa Maluwalhating Qur-an

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/2996